# HABIT SA PAG-AARAL AT AKADEMIKONG PAGKATUTO NG MGA MAG- AARAL SA UM PANABO COLLEGE

Undergradweyt Tesis na Iniharap

Sa Tesis Komite ng UM Panabo College

Panabo City

Bilang Bahagi sa

Pagtupad ng mga Pangangailangan

Sa Asignaturang FIL-413

UM Panabo College LIC

PUT965

Dawa, Jane Khia B.

Malagamba, Mary Ju D.

Nuera, Nichole D.

UM PANABO COLLEGE
DATE: 10-19-2021
ACC#: PUT 965
LIC
PANABO CITY

Mayo 2021

ii

# DAHON NG PAGTANGGAP

Ang tesis na ito na may pamagat na **Habit sa Pag-aaral at Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa UM Panabo College** ay isinagawa at ipinasa nina **Dawa, Jane Khia B., Malagamba, Mary Ju D. at Nuera, Nichole D.** para sa pagtupad ng pangangailangan sa asignaturang FIL-413 sa Departamento ng Kaguruan (Department of Education), UM Panabo College, lungsod ng Panabo ay buong tinanggap.

**AMELIE L. CHICO, DM, FRIM**
Research Coordinator

**LIEZEL V. CHAN, Ph. D.**
Dean of College
UM Panabo College

iii

## DAHON NG PAGPAPATIBAY AT PAG-EENDORSO

Ang tesis na ito na may pamagat na **Habit sa Pag-aaral at Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa UM Panabo College** ay isinagawa at ipinasa nina **Dawa, Jane Khia B., Malagamba, Mary Ju D. at Nuera, Nichole D.** para sa pagtupad ng pangangailangan sa asignaturang FIL-413 na sinuri, tinanggap, at buong iniendorso.

**JOYCE B. HERNANDO, MaEd**
Tagapayo

---

## LUPON NG TAGASURI

Tinanggap at sinang ayunan pagkatapos ng pagsusuri sa panahon ng pinal na pagsusuri bilang katuparan sa pangangailangan ng FIL-413.

Buong sikap na iniendorso para sa pagpapatibay ni Dr. Liezel V. Chan, Dekana ng Kolehiyo ng UM Panabo College, Panabo City.

**AMELIE L. CHICO, DM, FRIM**
Kasapi

**DR. MARIESEL A. LAUREL**
Tagapangulo

**TESIS ABSTRAK**

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang malaman ang makabuluhang ugnayan ng Habit sa Pag-saral at Akademikong Pagkatuto ng Mag-aaral sa UM Panabo College, sa unang termino ng ikalawang semestre (1st term, 2nd sem) sa taong panuruan 2020-2021 gamit ang random sampling. Ang habit sa pag-aaral ay mayroong indikeytor na Pamamahala ng oras; Lugar ng pag-aaral; Kasanayan sa pagkuha at paghahanda ng pagsusulit, Pagtatala; Kasanayan sa pagbasa; Kasanayan sa pagsulat; at Kasanayan sa matimatika. Ang akademikong pagkatuto ay mayroong indikeytor na Marka. Ito ay ginamitan ng non-expiremental correlation na disensyo at istadistikang pamamaraan na Mean at Pearson (r). Ayon sa resulta ng pag-aaral mayroong makabuluhang ugnayan ang habit sa pag-aaral at akademikong pagkatuto.

*Susing kaalaman: Habit sa Pag-aaral at ang Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa UM Panabo College*

# PASASALAMAT AT PAGKILALA

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa mga taong naging bahagi sa isinagawang pananaliksik.

Una, sa **Poong Maykapal** na may lalang ng lahat ng bagay, sa Kanyang walang sawang pagbubuhos ng biyaya ng kaalaman at karunungan sa mananaliksik upang mapagtagumpayan ang gawaing ito;

**Joyce B. Hernando**, ang nagsilbing tagapayo sa kanyang walang sawang pagbibigay puna mula sa simula tungo sa ikaaayos ng papel ng pampananaliksik na ito.

**Dr. Amelie L. Chico at Dr. Mariesel A. Laurel**, ang mga tagasuri na nagbahagi ng kanilang kahusayan sa mananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay puna upang maging maayos ang papel na ito;

**Dr. Liezel V. Chan**, ang naging statistician na nagbahagi ng kanyang kaalaman upang mabigyang linaw ang resulta ng pag-aaral na ito;

Sa mga magulang ng mananaliksik na sina **Mr. & Mrs. Dawa, Malagamba at Nuera** sa kanilang walang sawang paggabay at pagbibigay ng moral at pinansyal na suporta lalo na sa ikatatagumpay ng gawaing ito;

Sa mga kapamilya, mga kaibigan at lahat ng naging bahagi sa pagsasakatuparan ng gawaing ito, **MARAMING SALAMAT PO!**

*Dawa,*

*Malagamba,*

*Nuera*

## PAGHAHANDOG

Ang tesis na ito ay taos-pusong inihahandog ng mga mananaliksik sa kanilang mga pinakamamahal na mga magulang, kapatid, kaibigan, sa lahat ng mga taong nasa likod na sumuporta sa pag-aaral na ito at higit sa lahat sa Poong Maykapal na nag bigay ng lahat ng bagay sa mundo.

*Dawa*

*Malagamba*

*Nuera*

## TALAAN NG NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Pamagat | i |
| Dahon ng Pagtanggap | ii |
| Dahon ng Pagpapatibay at Pag-eendorso | iii |
| Tesis Abstrak | iv |
| Pasasalamat at Pagkilala | v |
| Paghahandog | vi |
| Talaan ng Nilalaman | vii |
| Talaan ng Talahanayan | ix |
| Talaan ng Talaguhitan | x |

| **Kabanata** | | **Pahina** |
|---|---|---|
| **1** | **ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO** | |
| | Sanligan ng Pag-aaral | 1 |
| | Paglalahad ng Suliranin | 2 |
| | Haypotesis | 3 |
| | Balangkas ng Teoritikal at Konseptwal | 4 |
| | Kahalagahan ng Pag-aaral | 6 |
| | Depinisyon ng Terminolohiya | 7 |
| **2** | **MGA KAUGNAYAN NA PAG-AARAL AT LITERATURA** | 9 |
| **3** | **METODO** | |
| | Disensyo ng Pananaliksik | 18 |
| | Sabjek ng Pananaliksik | 18 |
| | Intrumentong Pampanaliksik | 19 |
| | Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos | 21 |
| | Paraan at Istatistikang Ginamit sa Pananaliksik | 22 |
| **4** | **PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG** | |

**MGA DATOS**


Lebel ng Habit sa Pag-aaral 23

Lebel ng Akademikong Pagkatuto 32

Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Habit sa Pag-aaral at Akademikong Pagkatuto 34

**5 BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Buod 36

Konklusyon 37

Rekomendasyon 37

**TALASANGGUNIAN**

**APENDIKS**

A. Liham ng Pahintulot para sa Respondente

B. Liham ng Pahintulot para sa Balidasyon sa Talatanugan

C. Papel ng Balidasyon

D. Talatanungan

E. Grammarly Certification

F. Certificate of Appearance

**PANSARILING DATOS**

## TALAAN NG TALAHANAYAN


**Talahanayan** **Pahina**

1. Distribusyon ng mga Respondente 19
2. Lebel ng Habit sa Pag-aaral 23
3. Lebel ng Akademikong Pagkatuto 32
4. Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Habit sa Pag-aaral at Akademikong Pagkatuto 34

# TALAAN NG TALAGUHITAN

**Talaguhitan** **Pahina**

1. Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral 4

## Kabanata 1

## SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO

### Sanligan ng Pag-aaral

Ang akademikong pagkatuto ay isang panghabambuhay na proseso at patuloy ang pagtuklas ng mga panibagong ideya tungo sa karungan. Sa katunayan sa panahon kung gaano karami ang kaalamang nais matamo ay ganoon din ang nais matutuhan kaya walang hangganan ang pagkatuto. Isa sa pinakamahirap na hamon ng mga mag-aaral ay ang problema ng mababang nakamit na pang-akademiko sa pagsusulit. Ang isyung ito ay maraming sanhi at may sukat na pang-edukasyon, panlipunan, pangkultura, at sikolohikal. Gayunpaman, ang hindi magandang pagganap ng mag-aaral sa pagsusulit ay maaring tukuyin sa mga iba't ibang kadahilanan kabilang ang mga nauugnay sa mag-aaral mismo sa kapaligiran, panlipunan, at pang-akademiko. Sa kabila ng kanilang kakayahan na kwalipikado sila para sa pinakamatas na marka maari silang makaranas ng madalas na pagkabigo.

Sa kabilang banda, sa bansang Nigeria sa ginawang pag-aaral ni Bhat Younes Illahi at Dr. Hemant Khandai (2011) ang pinakapangunahing dahilan ng mga mag-aaral sa kanilang mababang akademikong pagkatuto ay ang kakulangan ng estratehiya sa pag-aaral. Ito ay positibo na hindi madalas na nangyayari na ang mga mag-aaral, ay gumugol ng oras sa pagmemorya ng mga materyal sa kanilang pag-aaral, ay halos hindi pa rin nakakakuha. Sa kanila, ang pag-unlad ng personal, emosyonal at panlipunan ng mag-aaral ay

maaaring magdulot ng matinding presyur na nilikha ng paggamit ng hindi mabisang diskarte sa pag-aaral na nagdudulot ng

Sa kabilang banda, sa pambansang lebel, isang pag-aaral ang isinagwa ni Magulod Jr. (2018) sa Cagayan State University Lasam, Philippines. Ang kawalan ng konsentrasyon sa pag-aaral ay isa sa mga salik na nagdudulot ng mababang akademikong pagkatuto. Ipinakita ng pag-aaral ang mga kadahilanang ito, kabilang ang maraming bilang ng mga nakakaabala sa paligid ng mag-aaral tulad ng pagkalat ng mobile phone, nangangahulugang mababang pagganyak ng mga mag-aaral tungo sa pag-aaral at ang kahinaan ng pansin ng mga magulang na subaybayan ang antas ng kanilang mga anak.

Sa UM Panabo College, mapapansin na ilan sa mag aaral ay mayroon pa ring kahirapan sa pagpasa sa ibang asignatura, may ilan din na nakikitaan na mabababa ang markang nakukuha. Isa sa mga propesor ang nagsabi na ang kakulangan sa pag-aaral ang dahilan kung kaya't nahihirapan sila sa kanilang akademikong pagkatuto.

Sa kadahilanang ito, isang pag aaral ang isasagawa upang tukuyin kung may ugnayan ang habit sa pag aaral at akademikong pagkatuto. Gayun din, layunin ng pag aaral na suriin ang antas o lebel ng habit sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ninanais ng mga mananaliksik na magkaroon ng ibayong pag-aaral hinggil sa habit sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa pagtamo ng akademikong

pagkatuto. Layunin din ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang lebel ng habit sa pag-aaral ng mag-aaral ng edukasyong pansekundarya batay sa:

    1.1 pamamahala ng oras;

    1.2 kasanayan sa pagkuha at paghahanda sa pagsusulit;

    1.3 pagtatala;

    1.4 kasanayan sa pagbasa;

    1.5 kasanayan sa pagsulat; at

    1.6 kasanayan sa matematika?

2. Ano ang lebel ng akademikong pagkatuto ng mag-aaral ng edukasyong pansekundarya batay sa marka?

3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang habit sa pag-aaral at akademikong pagkatuto?

**Haypotesis**

Batay sa pahayag na inilahad sa suliranin, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng *null hypothesis* na walang makabuluhang ugnayan ang habit sa pag- aaral at akademikong pagkatuto ng isang mag-aaral.


**Balangkas na Teoritikal at Konseptwal**

Ang balangkas na teoritikal ay naglalaman ng iba't ibang mga teorya na sumusuporta sa relasyon sa pagitan ng habit sa pag-aaral at akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang sumusunod:

Nakabatay ang pag-aaral sa teorya ng Virginia Gordon's University (1997) nagsasabing ang habit sa pag-aaral ay isang gawi na kung saan ay may malaking kontribusyon sa akademikong pagkatuto ng isang mag-aaral. Binangit sa teoryang ito na ang akademikong pagkatuto ng isang mag-aaral ay natutukoy sa kanilang habit sa pag-aaral. Kung saan dapat na magsumikap ang mga mag-aaral upang paunlarin at madebelop ang akademikong pagkatuto. Ang paaralan o ang mag-aaral sa unibersidad ay kailanagang harapin ang problemang pang emosyonal dahil sa maraming kadahilanan. Kapag nagtataglay ng mababang habit sa pag-aaral, samakatuwid ito ay nagpapakita ng mababang akademikong pagkatuto.

Isinasaad naman sa self determination theory na ang mga mag-aaral mismo at ang malayang kadahilanan ay may pambihirang bahagi sa paghubog ng isang mag-aaral. Ang self determination ay likas na sa isang indibidwal kasama ang pangangailang pangmental. Nais ipakita ng teroyang ito ang kahalagahan ng pagkakaroon ng magandang habit sa pag-aaral ng mga mag-aaral upang magkaroon ng magandang marka na naglalarawan na mataas ang kanilang akademikong pagkatuto (M.T.V Ngaraju 2004).

Ipinapakita sa talangguhitan 1 ang malayang baryabol sa pag-aaral na ito: habit sa pag-aaral na may mga tuntuning: pamamahala ng oras, na




Talaguhitan 1: Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral

tumutukoy sa wasto at akmang paraan sa paggamit ng oras sa makabuluhan at mahalagang gawain; *lugar ng pag-aaral*, na tumutukoy sa magkaibang pisikal na lokasyon, konteksto at kultura kung saan natututo ang mga mag-aaral; *kasanayan sa pagkuha at paghahanda ng pagsusulit*, ay isang kasanayan kognitibong kasanayan na nagbibigay daan sa mga mag-aaral na sumailalim sa anumang sitwasyon sa pagsusulit sa isang angkop na pamamaraan; *pagtatala*, ay ang pagsasanay sa pagsulat ng impormasyon sa isang sistematikong pamamaraan; *kasanayan sa pagbasa*, ay tumutukoy sa kakayahang maunawaan ang nakasulat sa teksto; *kasanayan sa pagsulat*, ang kakayahang sumulat ng mga makabuluhang pangungusap, linya, talata na madaling maunawaan ng isang mambabasa; at *kasanayan sa matematika*, ay kakayahang magsagawa ng gawaing matematika at mabisang malutas ang problemang ibinigay matematika.

Ang akademikong pagkatuto ay hindi malayang baryabol na may indikeytor; marka na tumutukoy sa General Weighted Average o GWA na nakompleto ng isang mag-aaral.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat mapapakinabangan ito ng mga sumusunod:

**Tagapangasiwa ng Paaralan.** Ang impormasyon na maibibigay ng pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan sa pagpapaunlad ng kurikulum maging sa pagpapatakbo ng mga programa nang maayos. Ang resulta ay makapgbibigay ng mga kinakailangan impormasyon na magbibigay ng balance ng sistema ng paaralan sa pamamagitan ng pagsaalang-alang ng habit sa pag-aaral ng mag-

aaral upang makalinang ng kakanyahan sa pagpapaunlad ng akademikong pagkatuto ng mag-aaral.

**Program Head.** Ang impormasyon na maibibigay sa pag-aaral na ito ay makatutulong upang magkaroon ng mabisang pamamaraan upang madebelop ang habit sa pag-aaral sa kanilang pang-akademiko.

**Mga Guro.** Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro lalo na sa pagtuturo at kanilang estratehiya. Gayundin sa pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay upang mapabuti ang kakayahan sa pagtuturo.

**Mga Magulang.** Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa pagbubukas mata ng magulang para sa anak na lalo pang makapagbibigay gabay at suporta ukol sa pagiging responsible sa pag-aaral ng kanyang anak sa kanyang asignatura.

**Mga Estudyante.** Mabubuksan ang kanilang isipan sa iba't ibang kaugalian sap ag-aaral at kahalagahan ng motibasyon sa kanilang pag-aaral.

**Dipinesyon ng Terminolohiya**

Ang mga sumusunod na terminilohiya ay ginagamit sa pananaliksik. Ang mga ito ay binigyan ng kahulugang konseptwal at opersyunal.

**Habit sa Pag-aaral.** Ang konseptwal na kahulugan nito ayon kay Good (1998), tinukoy niya ang salitang habit sa pag-aaral bilang ang paraan ng pag aaral ng mag aaral sistematiko man, mahusay o hindi mabisa. Batay sa kahulugan na ito, literal na nagangahulugan na nag mabuting habit sa pag aaral

ay nagbubunga ng positibo sa akademikong pagkatuto, habang ang kakulangan ng habit sa pag aaral ay humahantong sa akademikong pagkabigo.

Sa operasyunal na pagkakahulugan ng habit sa pag-aaral tumutukoy ito sa pamamahala ng oras, lugar ng pag-aaral, kasanayan sa pagkuha at paghahanda ng pagsusulit, pagtatala, kasanayan sa pagbasa, kasanayan sa pagsusulat at kasanayan sa matematika

**Akademikong Pagkatuto**. Ang konseptwal na kahulugan nito ay madalas na link sa mga indibidwal na kakayahan at abilidad ng mga mag aaral at tinukoy ni Rodrigues (2001) bilang resulta ng mag aaral sa paaralan. Sa konteksto ng edukasyon ang akademikong pagkatuto ay layunin sa edukasyon na makamtam ng isang mag-aaral, guro at isang institusyon sa isang tiyak na panahon. Sinusukat ito gamit ang pagsusulit o tuloy-tuloy na pagtataya at ang layunin ay maaaring naiiba mula sa isang indibidwal o institusyon (Ashnu Narad at Bilkees Abdullah 2016).

Sa operasyunal na pagkakahulugan, ang akademikong pagkatuto ay tumutukoy sa marka.

## Kabanata II

## MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITERATURA

Sa kabanatang ito inilahad ang mga kaugnay na pananaliksik na nagbigay ng dokumentansyon at suporta para sa layunin ng pag-aaral na ito.

### Habit sa pag aaral

Ito ay natatamo at gumagabay sa kognitibong proseso habang natututo at ito ay may mahalagang papel sa akademikong pagkatuto. Sa pananaw na ito, ilang mananaliksik (Bernard, 1990; Kendler, 1995; Onotsa & Okpala, 1985) ipinapakita na ang akademikong pagkatuto ng mag- aaral ay produkto ng inter-play of factors gaya ng mahusay at epektibong habit sa pag aaral, kasanayan, relasyon ng guro sa mag aaral, kaaya- ayang kapaligiran ng bahay at paaralan.

Sinabi ni Asaqwara (1994) ang mahusay na habit sa pag-aaral ay nangagahulugang pagtatagumpay sa lahat ng kakompetensya kasama ang kapaligiran sa pag- aaral na parehong panloob at panlabas, tulad ng panonood ng telebisyon habang nag aaral, ingay, pagbabasa ng ibang libro, pagtatalo at estado ng pag iisip ng mag aaral. Mazuar (2000), Asaqwara (1994), at Iheanacho (2002) ay may karagdang diin sa epekto ng masamang habit sa pag aaral at tanggaping totoo na ang masamang habit sa pag aaral ay magiging mahigpit at mahirap sa pag- aaral.

***Pamamahala ng Oras***. Ang mga mag-aaral ay naglalaan ng oras para sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasaayos at pagpaplano ng kanilang oras para maiwasan ang mga distraksyon. Ang pagtukoy ng limitasyon ng oras sa pag-aaral ay nasasaayos kaagad ang layunin sa pagkompleto ng gawain sa loob ng tiyak na panahon at nakakatulong na malibang at labanan ang

distraksyon (Robinson, 1990). Tungkol sa pagpaplano ng oras, Hills and Ballow (2000) ay nagmungkahi sa paggamit ng gawain ng talaarawan, ang gawain ng talaarawan ang mga mag-aaral ay pinapayagan na tingnan ang lahat ng dapat niyang gawin at sa paghati ng oras sa bawat paksa. Sa pagsasaayos ng oras sa ganitong paraan ay makakatulong para mabawasan ang alalahanin at pag alinlangan na maaring lumitaw kung sakaling may dagdag na gawain. Ang talaarawan ay dapat planuhin batay sa pangangailangan at hangarin, paglalaan ng sapat naa oras sa bawat gawain para walang partikular na gawain ang uubos ng maraming oras.

***Lugar ng pagkatuto.*** Ang pagsasaalang-alang ay unang ibinigay sa lugar ng pagkatuto na tila may masamang epekto sa buong konsepto ng pag-aaral. Kung saan ang isang nag-aaral ay may mahalagang epekto sa kahusayan ng isang tao sapagkat ang lokasyon at mga katangian nito ay magkaugna. Dapat itong maaliwalas, walang ingay at may maayos na ilaw ang silid. Ruch (1995) sumulat na kailanagang isaalang-alang ang uri ng mesa at upuan na gagamitin sa pag-aaral. Ito ay nararapat upang mapanatili ang komportableng pustora ng pagkakaupo.

Isiniwalat ni Hepher (1990) na ang epekto ng temperature at halumigmig sa temperature ng katawan ng isang indibidwal ay maaring maging sanhi ng pagbawas ng body function at mekanismo nito. Ito ay binibigyang diin na ang sariwang hangin sa lugar ng pag-aaral ay kailangan upang maiwasan ang pagod.

Pinabulaanan ni Hills at Ballow (2000) na ang nakakasilaw na ilaw ay maaring maging sanhi ng eye strain at pananakit ng ulo. Samakatuwid takpan

ang bombilya at ilaw na may kulay at maaring gamitin ang blotters para mabawasan ang matinding liwanag. Bilang epekto, ang ilaw ay hindi dapat lumiwanag direkta sa mesa o reading desk. Sinang-ayonan nina Hills at Ballow (2000) na ang musika ay mabuti kung ito ay ginagamit para i-nuetralize ang iba pang panlabas na ingay.

***Kasanayan sa pagkuha at paghahanda ng pagsusulit.*** Ipinapahiwatig sa pag-aaral na ang mag-aaral na may kasanayan sa pagkuha ng pagsusulit ay nagpabuti ng pag-uugali at nagpapakita ng mas mababang antas ng pagkabalisa at nakakakuha ng mas mahusay na resulta (Peng,2005; Perney at Ravid, 1990; Steele at Arth, 1998). Ang ilang mananaliksik ay nagtatalo na ang kasanayan sa pagkuha ng pagsusulit ay kasing halaga ng pagkakaroon ng kaalaman at impormasyon sa pagsagot ng mga tanong sa pagsusulit (Langerquist, 1982). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan na ang mga kasanayang ito ay maaring mapalitan ng kaalaman sa mga material o paghahanda sa pagsusulit. Sa halip, ito ay nangangahulugan na ang pagkakaroon ng gayong kasanayan ay makakatulong sa mag-aaral na mapabuti ang kanilang mga marka.

***Pagtatala.*** Ayon kay Stahl et al (1991) ang pagtala ng lektyur ay naka impluwensya sa akademikong pagkatuto ng high school at mga mag-aaral sa kolehiyo. Pinabulaanan nina Spires at Stone (1989) na ang mag-aaral ay lalong umaasa sa kanilang kakayahan sa pagtatala upang maging matagumpay sa silid-aralan. Ang pagtatala ng lektyur ay kilala sa kolehiyo. Sinabi ni Ambruster (2000) na ang kolehiyong mag-aaral ay kadalasang gumugugol ng 80 % ng oras sa klase sa pakikinig ng Lektyur. Kung ang lektyur ay ang “sacred cow” ng tagapagturo, ang pagkuha ng tala sa lektyur ay ang “pet calf” ng mag-aaral.

***Kasanayan sa pagbasa***. Ayon kay Pang (2003) ang pagbasa ay tinukoy bilang pag-unawa sa nakasulat na teksto. Sinabi niya na ang pagbasa ay binubuo ng dalawang kaugnay na proseso; pagkilala sa salita aat pag-unawa. Ang pagkilala sa salita ay tinukoy bilang proseso kung paano ang sinulat na simbolo ay tumutugon sa sinasabing wika, samantala ang pag-unawa ay isang proseso sa paggawa ng kahulugan ng salita, pangungusap at konektadong teksto. Dagdag pa niya, ang mambabasa na may sapat na kaalaman sa bokabolaryo, gramatika, karanasan sa teksto at iba pang stratehiya ay makakatulong sa pag-unawa sa nakasulat na teksto.

Ayon kay Klingner (2007) ang pag-unawa sa pagbasa ay "ang proseso ng pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng isang bilang ng mga kumplikadong proseso na kasama ang pagbasa ng salita, kaalaman sa salita at katatasan”. Ito ay tumutukoy sa kakayahan sa pagbibigay kahulugan ng mga salita, pag-unawa sa kahulugan at mga ugnayan sa pagitan ideyang naihatid sa isang teksto.

***Kasanayan sa pagsulat***. Bago pa ang taong 1970’s, ang pagtuturo sa pagsulat ay nakatuon sa panuntunan ng grammar (Pour- Mohammadi, Zainol Abidin, at Cheong Lai, 2012). Ipinapakita sa pananaliksik ngayon na mas mahalaga ang paglikha ng angkop na lugar na hihimok sa mag-aaral na magpursige sa pagsulat. Ito ay nangangahulugan na mas mababa ang pagtuon sa panuntunan sa pagsulat at mas higit ang pagpapahayag ng mga ideya (Shaunghnessy, 1998). Para magawa ito, nangangahulugan na hindi gaanong kritikal ang simulain sa proseso ng pagsulat kung pag-uusapan ang mga mali, maging ito ay grammar o iba pa. ang hindi pagtuon sa mga mali sa pagsulat, nararamdaman ng mag-aaral na Malaya silang ipahayag ang kanilang

saloobin. Kung titingnan nag pagkakamali sa grammar at bigyang tuon ang ideya ay isang kasanayan.

Tinatanaw ang mga error sa gramatika at nakatuon sa mga ideya ay isang kasanayan na makukuha para sa tiyak, ngunit isang kasanayan na mahalaga kung ninanais ng mga tagapagturo ang pagbawas sa pagkabigo ng mag-aaral at isang mas mataas na antas ng aktwal na pagsusulat. Bukod dito, kapag ang mga malikhaing ideya ay hindi hadlangan ng mga alalahanin sa paggamit ng wastong anyo. Ang paglipat ng pokus na ito ayon kay MacGowan-Gilhooly (1991) na ang tawag ay a first fluency approach, Naniniwala siya na pagkatapos lamang matutong magpahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga sarili ay maaari silang lumipat patungo sa pagwawasto ng mga error sa gramatika, sa pamamagitan nito nakikita niya na mas mataas ang antas upang makapasa ang mga mag-aaral.

***Kasanayan sa matematika.*** Gallo & Johnson (2008) pinangasiwaan ang isang pagsubok ng pangunahing kasanayan sa matematika sa 696 na mag-aaral na nakaenrol sa ibat-ibang kolehiyo ng kursong ekonomiks para maunawaan ang kadahilanang nakakaimpluwensya sa kakayahan ng mag-aaral para magamit ang kakayahan sa matematika sa praktikal na tagpo. Ang mag-aaral na may malawak na kasanayan sa matematika sa elementarya ay gumaganap ng mahusay sa inilapat na konteksto at kumuha ng maraming kurso sa math sa kolehiyo ay napabuti ang kasanayan ng mag-aaral para magamit sa matematika. Isa sa pangunahing konklusyon ng kanilang papel ay kabilang dito ang dating kaalaman sa matematika, kasanayan sa matematika sa elementary na sinukat sa pinangasiwaang pagsusulit ay isa sa pinakamahalaga. Nakatuon ang resulta sa kanilang pag-aaral na ang malaking

bilang ng mag-aaral ay kulang sa pagsasanay mula sa elementarya sa konsepto ng math. Samakatuwid, iminungkahi nila na kilalanin ng propesor ang mga ma-aarl na may kahinaan sa basic math skill ng sa gayon ang ilang uri ng remediation ay magagawa.

Ayon sa Math Fluency (2011), ang mga tagapagturo at nagbibigay-malay na siyentipiko ay sumasang-ayon na ang kakayahang maalala ang mga pangunahing katotohanan sa matematika nang maayos kinakailangan upang makamit ng mga mag-aaral ang mga kasanayang matematika na mas mataas ang antas. Ang implikasyon para sa matematika ay ang ilan sa mga sub-process, partikular na mga pangunahing katotohanan, kailangang paunlarin hanggang sa puntong pagtatapos.

**Akademikong pagkatuto**

Nagsagawa ng isang pag-aaral sa mga habit sa pag-aaral at akademikong pagkatuto ng mas mataas na sekundaryong mag-aaral. Nakasaad dito na ang variable, habit sa pag-aaral, ay nag-ambag sa pang akademikong pagkatuto ng mga bata. Ang habit sa pag-aaral ay isang indibidwal na kakayahan. Ang ilang mga bata ay may pagkakataon na gustong mapag-isa, ang ilan ay kailangang nasa isang pangkat. Ang ilang mga bata ay nagbabasa para kahit sino ay maaaring makarinig at ang iba ay tahimik na nagbabasa. Maaari itong tukuyin bilang mga diskarte ng isang gawain kung saan ang mga bata ay gumagawa ng iba't ibang uri ng mga habit sa pag-aaral. Maaari itong pagkuha ng tala, pagbuo ng bokabularyo, pagsusulat ng mga term paper at pagkuha ng pagsusuri. Ang ugali sa pag-aaral ay isa sa mga

kadahilanan na magagawa ng mag-aaral na magkaroon ng isang mas maliwanag na akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral (K. Premalakshmi 2012).

Isinagawa ang iba`t ibang mga pag-aaral sa mga salik na nakakaapekto sa akademikong pagkatuto o nakamit ng mga mag-aaral sa mga paaralan, kolehiyo at unibersidad. Ang ilan sa mga kadahilanan na natukoy at naiulat na naapektuhan ang pagganap ng akademiko ng mga mag-aaral sa iba't ibang mga setting na ito ay: pagsisikap ng mag-aaral, dating pagganap na pang-edukasyon, pagganyak sa sarili, katayuan sa pang-ekonomiya ng mga magulang ng mga mag-aaral, edad ng mga mag-aaral, bilang ng mga oras ng pag-aaral bawat araw, mga puntos sa pagpasok, iba't ibang mga kwalipikasyon sa pagpasok, mga uso sa pagtuturo at lugar ng paninirahan ng mga mag-aaral (Farooq, Chaudry, Shafiq & Berhanu, 2011; Ali, Haider, Munir, Khan & Ahmed, 2013).

Ang pag-unlad ng isang mahusay na pag-aaral ay isang sining. Ang unang hakbang upang magkaroon ng isang mahusay na akademikong pagkatuto ay bumuo ng isang regular na ugali sa pag-aaral. Ang mga bata ay nagsasanay ng kanilang sarili sa bahay at sa paaralan upang magkaroon ng magandang habit sa pag-aaral. Dapat silang gabayan nang maayos. Sa tulong ng mga magulang at guro, palalakasin ng mga bata ang kanilang kakayahang mag-aral at magbigay ng positibong kontribusyon sa mga aspeto ng pag-aaral (K. Premalakshmi 2012).

Ayon kay K. Premalakshmi (2000) na ang mag aaral ng gobyerno ay hindi nakakakuha ng tamang atensyon mula sa kanilang magulang, guro at

kaibigan. Kaya, espesyal na pangangalaga ang dapat ibigay sa mga mag aaral upang magkaroon ng mas mahusay na pag unawa. Dapat makamit ng isang mag aarala ang magandang habit sa pag aaral upang maging mahusay sa pang akademiko at magkaroon ng mas maliwanag na hinaharap. Ang akademikong pagkatuto ng isang mag aaral ay bahagi ng edukasyon pati na rin sa proseso ng pagkatuto. Ito ay itinuturing na pangunahing pamantayan para husgahan ang kabuuang potensyal at kakayahan (Nuthana & Yenagi, 2009) na kung saan nasusukat sa pamamagitan ng resulta sa pagsusuri. Ginagamit ito upang maipasa ang husay sa kalidad ng edukasyon na maibigay ng isang pang akademikong institusyon na naging sanhi ng matinding pag aalala sa mga guro, ang nakakaalarmang pagsusuring pagganap ng mag aaral.

***Marka.*** Ang mga sistema ng pagmamarka na ginagamit ng mga guro ay magkakaiba at hindi mahuhulaan at madalas ay may mababang antas ng bisa dahil sa pagsasama ng mga pamantayang hindi pang-akademiko na ginamit sa calculation ng mga marka (Allen and Lambating 2001). Natagpuan ang mga guro na gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga marka na nauugnay sa pagsisikap ng mag-aaral sa pagtatangka na maging "patas" sa kanilang mga kasanayan sa pagmamarka (Barnes 1985). Natuklasan ng mga pag-aaral na dalawa sa tatlong guro ang naniniwala na ang pagsisikap, pag-uugali ng mag-aaral, at ang pag-uugali ay dapat makaimpluwensya sa huling mga marka ng mga mag-aaral (Cross et., al 1996). Ang mga marka ay hindi dapat maging isang masamang hangarin tulad ng antas ng pagsisikap ng mag-aaral, likas na kakayahan, pagsunod sa mga patakaran, pagdalo, panlipunang pag-uugali, pag-uugali, o iba pang mga hakbang na hindi nakamit (Friedman and Fris-bie 2000; Ornstein 1994).

Ayon kay Rick Wormeli (2008), ang marka ay kumakatawan sa isang malinaw at tama na pagpapahiwatig ng kung ano ang alam at magagawa ng isang mag-aaral. Sinusukat ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral gamit ang General Weighted Average (GWA), rate ng pagtatapos sa high school, taunang pamantayan ng pagsubok at pagsusulit sa pasukan sa kolehiyo. Ayon naman kay Scrifanny (2008) ang mga mag-aaral ay namamarkahan alinman sa kabuuhan o halos sa ganap na pag-usad patungo sa layunin ng pag-aaral. Ang marka ay isang mahalagang elemento sa akademikong pagkatuto ng mga kasapi ng kultura sa pamamagitan ng pagganap (Romanowski, 2004).

Nagsagawa ng isang pag-aaral si Garton (2000) sa mag-aaral na nasa unang taon sa kolehiyo upang suriin ang akademikong pag-unlad. Ayon sa kanya mahusay na gamitin ang General Weighted Average (GWA) upang malaman at makamit ang akademikong pagkatuto.

# KABANATA III

# METODO

Ang bahaging ito ay binubuo ng disenyo ng pag-aaral; sabjek ng pananaliksik; instrumento ng pananaliksik; mga pamamaraan sa paghahanda ng instrumentong ginamit sa pagsusuri, sa pag-aaral at pangangalap ng datos.

## Disenyo ng Pananaliksik

Ginamitan ng *descriptive-correlation method* ang pag-aaral na ito na kung saan ibinatay sa obserbasyon ng *non-experimental events or events* na pagbabatayan ng teorya o kongklusyong malilikha upang pangatwiranan ang obserbasyon (Harcourt, 2016). Ang pag-aaral na ito ay ginagamitan ng ganitong uri ng metodo upang ilarawan ang dalawang baryabol na pinag-aaralan. Ang mga datos tungkol sa Habit sa Pag-aaral at ang Akademikong Pagkatuto ng mag-aaral ay kinuha at ang kanilang ugnayan ay tinukoy.

Ang mga mag-aaral na nagsilbing mga respondente ay tinaya gamit ang istandardistikong palatanungan bilang panukat na kagamitan. Ang resulta ng ebalwasyon maging ang datos ay tinipon; hinanay; sinuri at binigyang-kahulugan upang tukuyin kung mayroon o walang mahalagang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

## Sabjek ng Pananaliksik

Ang mga mag-aaral ng UM Panabo College, partikular ang mga mag-aaral na nagsipagkuha ng edukasyong pansekundarya na nagpatala bilang

**Talahanayan 1**

**Distribusyon ng mga Respondente**

| **Programa** | **Respondente** |
|---|---|
| BSED-Filipino | 10 |
| BSED-English | 11 |
| BSED-Mathematics | 14 |
| **Kabuuan** | **35** |

mga mag-aaral sa ikalawang taon sa larangan ng Filipino (10); sa Ingles (11); sa Matematika (14) ay nagsilbing mga respondente sa pananaliksik na ito na may 35 na respondente.

**Instrumentong Pampananaliksik**

Ginamit ng mga mananaliksik ang istandardistikong surbey na talatanungan ni Ban Kadhim Abed mula sa (Virginia Gordon’s University survey: 1997) upang tukuyin ang lebel ng habit sa pag-aaral. Ang pagkamakatotoo ng instrumentong ito bilang panukat na kagamitan ay ikinonsedera sa pag-aaral na ito.

Upang tukuyin ang lebel ng habit sa pag-aaral, ang mga sumusunod na panukatan ay ginamit:

| Panukatan | Paglalarawan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.21-5.00 | Napakataas | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may napakataas na hinuha sa kanyang habit sa pag-aaral. |
| 3.41-4.20 | Mataas | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay nagtataglay nang mataas na paniniwala sa kanyang sariling kakayahan. |
| 2.61-3.40 | Katamtaman | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may katamtamang paniniwala tungkol sa kanyang kasanayan. |
| 1.81-2.60 | Mababa | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay nagtataglay nang mababang hinuha tungkol sa kanyang habit sa pag-aaral. |
| 1.00-1.80 | Napakababa | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may napakababang antas ng hinuha tungkol sa habit sa pag-aaral. |

Upang tukuyin ang lebel ng akademikong pagkatuto, ang mga sumusunod na panukatan ay ginamit ang *Grading System ng University of Mindanao* na *Granted Deregulated Status by the* ***COMMISSION ON HIGHER EDUCATION per CHED Memo order (CMO no. 12, s.2019).***

| Panukatan | Paglalarawan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 96.00-100.00 | Napakataas | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may napakataas na lebel ng kanilang akademikong pagkatuto. |
| 91.00-95.00 | Mataas | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay mataas na lebel ng kanilang akademikong pagkatuto. |

| | | |
|---|---|---|
| 86.00-90.00 | Katamtaman | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may katamtaman na lebel ng kanilang akademikong pagkatuto. |
| 81.00-85.00 | Mababa | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may mababa na lebel ng kanilang akademikong pagkatuto. |
| 75.00-80.00 | Napakababa | Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay nakuha ng napakababa na lebel ng kanilang akademikong pagkatuto. |

**Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos**

Ang mga sumusunod ay mga hakbang na isinagawa ng mga mananaliksik sa pagkuha ng mga datos.

**Balidasyon.** Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng isang liham sa mga balideytors ng UM Panabo College na siyang sususri sa istandardistikong surbey na palatanungan na prinisenta ng mga mananaliksik.

**Pahintulot sa Paggawa ng Pag-aaral**. Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng liham pahintulot sa pamunuan ng paaralan upang hayaan ang mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral.

**Pahintulot sa mga Mag-aaral.** Ang mga mananaliksik ay humihingi ng pahintulot sa mga mag-aaral upang makuha ang kanilang (GWA) o kabuuhang marka upang maisakatuparan ang pananaliksik.

**Administrasyon at Pagkuha ng mga Talatanungan**. Ang surbey ay isinagawa ng mga mananaliksik sa mga mag-aaral ng UM Panabo College

partikular sa mga mag-aaral na nagsipagkuha ng kursong edukasyong pansekundarya ng paaralan sa pamamagitan ng sa google form surbey.

**Pag-aanalisa at Interpretasyon ng mga Datos**. Pagkatapos ng isinagawang surbey, ang mga datos ay tinipon at sinuri. Ang mga resulta ay kinalkula at inihanay.

**Paraan at Istatistikong Ginamit sa Pananaliksik**

Ang mga sumusunod ay mga istatistikong kagamita na ginamit sa pagpapakahulugan sa mga datos na nakalap.

**Mean**. Ito ay ginamit upang tukuyin ang lebel ng habit sa pag-aaral ng mag-aaral at lebel ng akademikong pagkatuto.

**Pearson Product-Moment Correlation Coefficient**. Ito ay ginagamit upang tukuyin kung mayroon o walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng habit sa pag-aaral at akademikong pagkatuto.

UM PANABO COLLEGE
DATE: 10-19-2021
ACC#: 9665
LIC
PANABO CITY

Kabanata 4

# PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga datos na nakalap sa pag aaral upang masagutan ang mga problemang inilahad sa unang kabanata. Ang mga datos ay inilahad sa isang talahanayan at iniayos batay sa problemang tinukoy. Ito ay sinundan ng mga diskusyon hinggil sa pagsusuri at implikasyon nito sa ginagawang pag-aaral.

## Lebel ng Habit sa Pag-aaral

Inilahad sa ikalawang talahanayan ang lebel ng habit sa pag-aaral na kung saan ito ay nahahati sa pitong indikeytors at ito ay ang: *Pamamahala ng oras; Lugar ng pagkatuto; kasanayan sa paghahanda at pagkuha ng pagsusulit; Pagtatala; kasanayan sa pagbasa; Kasanayan sa pagsulat; at Kasanayan sa matematika.* Ipinakita sa datos na katamtaman ang lebel ng habit sa pag-aaral na may grand mean na 3.33 na nagsasaad na ang mag-aaral ay may katamtamang lebel. Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay may katamtamang paniniwala tungkol sa kanyang kasanayan.

Ang *unang indikeytor, pamamahala ng oras*, ay minarkahan ng lebel na katamtaman na may overall mean na 3.20 na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may katamtamang paniniwala tungkol sa kanyang kasanayan. Ang pinakamataas na mean sa indikeytor na ito ay nasa *ikapitong bilang* na may pahayag na, *Gumagawa ng takdang aralin*, na may mean na 4.51 at may napakataas na lebel nagsasaad na ang mga mag-aaral ay napakataas ang paniniwala sa kanilang kasanayan. Sinundan naman ng *bilang walo* na

# Talahanayan 2

## Lebel ng Habit sa Pag-aaral

| Pahayag | Mean | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| **A. Pamamahala sa Oras** | | |
| **Pahayag** | **Mean** | **Pagpapakahulugan** |
| 1. Gumagawa ng iskedyul. | 2.57 | Mababa |
| 2. Nag a-update ng aking iskedyul. | 2.66 | Katamtaman |
| 3. Nananatili sa aking iskedyul. | 2.66 | Katamtaman |
| 4. Naglalaan ng ilang oras sa pag-eehersisyo at sa mga kaibigan. | 3.17 | Katamtaman |
| 5. Natutulog ng anim na oras. | 3.17 | Katamtaman |
| 6. Naglalaan ng dalawang oras upang mag-aral. | 2.77 | Katamtaman |
| 7. Gumagawa ng takdang aralin. | 4.51 | Napakataas |
| 8. Palaging pumapasok sa klase. | 4.11 | Mataas |
| **Over-all mean** | **3.20** | **katamtaman** |
| **B. Lugar ng Pagkatuto** | | |
| **Pahayag** | **Mean** | **Pagpapakahulugan** |
| 1. Nag-aaral sa parehong oras. | 2.97 | Katamtaman |
| 2. Nag-aaral sa espesyal na lugar. | 3.29 | Katamtaman |
| 3. Nag-aaral sa isang lugar na malayo sa ingay. | 3.40 | Katamtaman |
| 4. Nag-aaral nang malapit sa mga bagay na pag-aaralan. | 3.51 | Mataas |
| 5. Nag-aaral nang malapit sa mga bagay na pag-aaralan. | 3.69 | Mataas |
| 6. Nag-aaral ng hindi bumabangon, kumakain, nanonood ng telebisyon at nag-aaksaya ng oras. | 2.40 | Mababa |
| 7. Iniiwan ng mga kaibigan kapag alam nilang ako ay nag-aaral. | 3.00 | Katamtaman |
| 8. Gumagamit ng oras sa pagitan ng klase para mag-aral. | 3.11 | Katamtaman |
| **Over-all mean** | **3.17** | **Katamtaman** |
| **C. Kasanayan sa Pagkuha at Paghahanda ng Pagsusulit** | | |
| **Pahayag** | **Mean** | **Pagpapakahulugan** |
| 1. Nag-aaral araw-araw. | 2.91 | Katamtaman |
| 2. Nagsisimulang mag-aral tatlong araw bago ang pagsusulit. | 2.63 | Katamtaman |
| 3. May kinabibilangang grupo sa pag-aaral. | 2.71 | Katamtaman |
| 4. Pumapasok para sa karagdagang aralin na ibibigay ng guro. | 3.91 | Mataas |
| 5. May alam kung anong uri ng pagsusulit ang gagawin at kung paaano maghanda. | 3.03 | Katamtaman |
| 6. Naiisip kung anong uri ng mga katanungan ang lalabas sa pagsusulit. | 2.97 | Katamtaman |
| 7. Sinusuri ang aking pagsusulit kasama ang guro upang Makita kung saan nagkaroon ng mali. | 3.89 | Mataas |
| **Over-all mean** | **3.15** | **Katamtaman** |
| **D. Pagtatala** | | |
| **Pahayag** | **Mean** | **Pagpapakahulugan** |
| 1. Nakakaintindi sa mga paksa, nagtatala at sumusunod sa guro. | 3.97 | Mataas |
| 2. May sistema sa pagtatala. | 3.86 | Mataas |
| 3. Nag-rerebyu ng mga naitala. | 4.14 | Mataas |
| 4. May alam sa mga mahahalgang bagay na dapat isulat. | 3.60 | Mataas |
| 5. Nagtatala habang nagbabasa. | 3.63 | Mataas |
| 6. Nakakapagtala sa klase sa pamamagitan ng sariling salita. | 4.03 | Mataas |

| Pahayag | Mean | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| **Over-all mean** | **3.87** | **Mataas** |
| **D. Kasanayan sa Pagbabasa** | | |
| **Pahayag** | **Mean** | **Pagpapakahulugan** |
| 1. Nakakabasa ng 12- 15 na mga pahina bawat oras. | 2.23 | Mababa |
| 2. Nagbabasa muna bago ang lektyur. | 2.89 | Katamtaman |
| 3. Nakakaintindi sa mga tekstong binasa. | 3.57 | Katamtaman |
| 4. Binabasa mo ba muna ang mga heading ng kabanata at balangkas kapag nagbabasa ng isang teksto. | 3.63 | Mataas |
| 5. Nag-iiba ng estilo sa pagbabasa ng panitikan at agham. | 3.20 | Katamtaman |
| 6. Nagbabasa buong araw. | 1.57 | Napakababa |
| **Over-all mean** | **2.85** | **Katamtaman** |
| **E. Kasanayan sa Pagsulat** | | |
| **Pahayag** | **Mean** | **Pagpapakahulugan** |
| 1. Komportable sa balarilang ingles, bantas at baybay. | 3.80 | Mataas |
| 2. Nagbibigay ng malinaw na ideya sa pagsususlat ng takdang aralin. | 3.83 | Mataas |
| 3. Gumagawa muna ng balangkas kapag nagsusulat. | 3.69 | Mataas |
| 4. May kaalaman sa paggamit ng silid-aklatan o internet sa paggawa ng pananaliksik. | 3.69 | Mataas |
| 5. Nakokompleto ang ginawang pananaliksik sa oras ng pagpasa at hindi naaantala. | 3.69 | Mataas |
| 6. Nakikipag-komunikasyon sa pamamagitan ng pagsulat. | 2.74 | Katamtaman |
| **Over-all mean** | **3.57** | **Mataas** |
| **F. Kasanayan sa Matematika** | | |
| **Pahayag** | **Mean** | **Pagpapakahulugan** |
| 1. May sapat na kakayahan sa matematika. | 3.69 | Mataas |
| 2. Sa paggawa ng aralin, nilulutas ang problema bago tingnan ang solusyon. | 3.46 | Mataas |
| 3. Nagtatanong kapag hindi naintindihan ang klase. | 4.34 | Napakataas |
| 4. Lumiban ng dalawa o higit sa klase ng matematika. | 2.97 | Katamtaman |
| 5. Sa pagsusulit, naipapaliwanang ang solusyon sa problema sa ibang mag-aaral na hindi alam kung paano gawin ang solusyon. | 3.37 | Katamtaman |
